

Republic of the Philippines  
OFFICE OF THE PRESIDENT  
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**



**KALATAS MULA SA OPISINA NG TAGAPANGULO**


- PARA SA :** LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON  
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD
- PAKSA :** PARTISIPASYON SA KONGRESO SA WIKA 2018 NA INORGANISA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT GAGANAPIN SA IKA-2-4 NG AGOSTO 2018 SA UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS
- PETSA :** Ika-16 ng Abril 2018

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722*, na kilala rin bilang "*Higher Education Act of 1994*", malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang seminar na ito ay bukas sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo. Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563*.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa mga tagapag-organisa sa 09173115176 o evelynpateno@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

  
**J. PROSPERO L. DE VERA III, DPA**  
Panunumparang Pinuno  
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon